
# CONVEYOR

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG ISLA NG SEMIRARA

TOMO 2 ISYU 4

OKTUBRE-DISYEMBRE 2020




## Mga bagong kalsada sa isla binuksan ng SMPC at DOE


Ni Bernard M. Cadigal

Sa pakikipagtulungan ng SMPC at ng Department of Energy (DOE), dalawang bagong kalsada ang binuksan sa isla ng Semirara upang mapabilis ang transportasyon sa iba't ibang sitio sa tatlong barangay at makatulong sa daloy ng paghahanapbuhay ng mga mamamayan.

Binuksan ang orihinal na kalsadang nagdudugtong sa Sitio Suha sa Barangay Semirara at Sitio Bunlao sa Barangay Alegria (cadastral road), na may kabuuang haba na 7 kilometro o mas maikli ng humigit-kumulang 1 kilometro kumpara sa kasalukuyang access road.

>>PAHINA 6

Patuloy ang pagsisimento sa kalsadang magdudugtong sa mga barangay ng Tinogboc at Semirara sa pakikipagtulungan ng SMPC, DOE at LGU-Tinogboc.



Communities urged to reduce biowaste, set backyard garden

3




Pasiklaban ng talino sa 'Paaraman'

8



Pagtataguyod ng kalusugan sa isla sa panahon ng pandemya

12



Kung ako ang hihingan ng opinyon, mas gusto ko na iwanan na lamang sa taong nagtapos, 2020, ang lahat ng masasamang alaala at karanasang sanhi ng iba't ibang kalamidad at sakuna tulad ng bagyo, baha, lindol at pati na rin ang pag-alboroto ng Bulkang Taal na nagdulot ng pagkasira ng imprastraktura at mga kabahayan kasama na rin ang agrikultura. At higit sa lahat, ang pagkalat ng COVID-19 virus na kumitil sa napakaraming buhay, ang pagsasara ng maraming establisyemento, ang pagkawala ng hanapbuhay at iba pang paghihirap na nadama ng mga mamamayan.

Ang 2020 na yata ang pinakamapaghamong taon na dumating hindi lamang sa bawat buhay ng Pilipino kundi sa buong lahi sa pangkalahatang mundo dahil sa COVID-19. Ngunit sa kabila ng lahat ng nito, marami pa rin tayong dapat ipagpasalamat sa taong 2020 dahil natuto tayong maging matatag sa kabila ng sunud-sunod na mga pagsubok na dumating sa atin.

**Vicente Cesar V. Malig**
*Editor in Chief/Administrative Division Manager*



Hindi natin lubos inaasahan ang mga naganap sa taong 2020. Marami tayong naging pagsubok sa larangan ng pagmimina at sa banta ng COVID-19 sa ating isla. Dahil dito, maraming mga bagay ang naisaalang-alang.  Ang unang prayoridad natin ay ang kaligtasan at kalusugan ng ating mga empleyado lalung-lalo na ang ating mga frontliners. Tayo ay nagsasakripisyo sa araw-araw upang makapaghatid ng murang kuryente sa sambayanan, kaya huwag nating kalilimutan na importante ang ating mga ginagampanan.

Bilang isang lider sa bagong yugto na ito ng ating buhay, kailangan nating sumabay sa panahon at gamitin ang teknolohiya upang mas maging ligtas at mahusay ang ating paggawa. Nais ko ipabatid na ipinagmamalaki ko kayo sa inyong pagiging mapamaraan at kasipagan sa pagtatrabaho. Nagpapasalamat ako sa mga kasamahan nating hindi nakauwi sa kani-kanilang mga probinsya upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa isla.

Umaasa akong makikita rin natin ang liwanag sa kabila ng ating mga pagsubok at pag-asa ang magiging dala ng taong 2021.

**Engr. Ruben P. Lozada**
*Vice President for Mining Operations at Resident Manager*

Republic of the Philippines
Department of Energy

SEMIRARA MINING & POWER CORPORATION

Ang **CONVEYOR** ang opisyal na pahayagang pampamayanan ng isla ng Semirara na tatluhang-buwan na inililimbag ng Semirara Mining and Power Corporation sa pakikipagtulungan sa Department of Energy. Ang punong tanggapan ng SMPC ay sa 2F DMCI Plaza, 2281 Chino Roces Avenue, Makati City, Philippines 1231

Editorial Adviser **Engr. Ruben P. Lozada**
Editor in Chief **Vicente Cesar V. Malig**
Managing Editor **Rachelle Ann N. Lauricio**
Associate Editor **Rafael L. Antonio**

Section Editors
**Justine P. Balbin**
**Bernard M. Cadigal**
**Ben S. Lawangon**
**Catherine G. Lim**
**Romeo B. Malixi**
**Annaliza F. Patingan**
**Modesta E. Pionelo**
**Almar G. Valdemar**

Writing and Photo Contributors
**Francis Louie M. Carandang**
**Ronashane G. Dalisay**
**Shelley S. Talastas**
**Iryne L. Ysug**





# Communities urged to reduce biowaste, set backyard garden

By Rachelle Ann N. Lauricio

To keep the communities involved in adopting environmental conservation, SMPC held an information, education and communication (IEC) campaign on biodegradable waste reduction and backyard gardening using organic fertilizers in its housing communities at Barangay Semirara and Sitio Poocan relocation site and Sitio Sabang at Barangay Tinogboc.

The campaign, which will run from December 2020 to April 2021, will be held in two events. The Organic Farm Area Contest participated by SMPC housing associations will cultivate a common area garden wherein the housing association can sell the harvest and the proceeds will be used as their revolving fund.

In Plantito/Plantita of the Year contest, participants will showcase their best plants in their household garden.

Prior the events, an IEC lecture on the benefits of biodegradable waste reduction and proper nourishing of soil for plants was held with the participants led by SMPC's environmental and reforestation and rehabilitation units.

"Maraming salamat sa SMPC sa mga natutunan namin ngayong araw. Sana maging madalas na ito. Makakaasa kayo na i-apply namin ang matutunan namin dito sa aming mga bahay at pananim," said Pastor Ramil Ibabao of Promised Land Foursquare Church at Sitio Poocan.











(Itaas) Nagpapanatili ang SMPC ng *plant nurseries* upang masiguro na mayroong itong sapat na suplay ng *seedlings* na ginagamit sa rehabilitasyon at *reforestation*; (Kaliwa) Binisita ni Department of Energy Undersecretary Donato Marcos noong Disyembre ang isa sa mga *greenhouses* kung saan pinapalago ang mga gulay na kalauna'y sinusuplay sa SMPC Mess Hall.



# Pagpapalago ng *plant nurseries* para sa agresibong *reforestation* at rehabilitasyon

**Ni Ronashane G. Dalisay**

Maraming kagubatan sa buong mundo ang nabago na sa panahon ng pagmimina dahil sa kanilang reserbang mineral at enerhiya. Dito sa isla ng Semirara, bagamat mayroong mina, ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ay matapat na sumusunod sa mga alituntunin ng responsableng pagmimina.

Mayroon itong Reforestation and Rehabilitation Unit na nagsasagawa ng paghahanda sa mga punla at pagpili ng tamang uri ng puno at halaman na naaayon sa lupang pagtataniman para sa mabilis na paglago ng mga ito. Layunin ng programang ito ang makaakit muli ng mga insekto, ibon at iba pang wildlife upang madagdagan ang *biodiversity* sa isla.

Ang Reforestation and Rehabilitation ay nagtayo ng pitong *nurseries* para sa programa. Lima sa mga nursery na ito ay mayroong *native* at *fruit-bearing trees* (Bantayan, Casay, Spring, Panian at South Panian Nursery). Dalawa naman para sa *ornamental plants for landscaping* (Unong at Mess Hall nursery).

Mayroon din apat na nursery para sa *mangrove reforestation program* at meron itong iba't ibang uri ng *mangrove species*.

Ang mga nurseries na ito ay itinayo sa mga istratehikong bahagi ng isla para sa madaling pag-access ng mga ito kung kailangan.

Sa kasalukuyan, may kabuuang bilang ito na 636,388 *stock* ng punla para sa *inland reforestation and rehabilitation* at 40,924 para naman sa *mangrove reforestation.*

Ito ang layunin ng Reforestation and Rehabilitation Unit, ang makapagtanim ng mas marami pang puno at mapagtagumpayan ang pagpapanumbalik sa mga lugar na labis na naapektuhan ng pagmimina.

Kagubatan ang responsable sa pagpapanatili ng balanse ng carbon dioxide at oxygen sa kapaligiran ng mundo at tayo ang mag-iingat at magpapanatili nito.

*"Here in SMPC Reforestation & Rehabilitation, we don't just propagate seedlings on our nursery. Instead, we nurture the plants, because we believe that the success of reforestation and rehabilitation program depends on the capacity of our nurseries as main sources of our planting materials,"* ani Angelino Yandug, *supervisor* ng Rehabilitation and Reforestation Office.












# Wildlife formation observed at South Panian rehabilitated area

**By Justine P. Balbin**

Reforestation efforts continue at the accelerated rehabilitation of the South Panian Mine, considered the "role model" of mine rehabilitation in the Philippines according to the Department of Energy (DOE).

More than a year since the ceremonial tree planting at the site by SMPC, DOE and LGU officials, trees are thriving with 92-percent survival rate as of the latest assessment. Other floral species are observed growing which exhibits the gradual recovery of biodiversity in the area.

Moreover, wildlife is returning to the previously excavated area with consistent presence of resident and migratory bird species. One remarkable sighting is the presence of Philippine Wild Ducks (*A. luzonica*) which is categorized as endemic to the country and considered endangered in the national conservation status.

This highlights the importance of protecting and enhancing the quality of the environment in the rehabilitation area thus, SMPC maintains the flora and secures the perimeter for possible poaching and hunting activities.



One remarkable sighting at the South Panian rehabilitation area is the presence of Philippine Wild Ducks (A. luzonica) which is categorized as endemic to the country and considered endangered in the national conservation status.

On the other hand, the northern portion of Panian pit is continuously backfilled to reach a configuration which will be safe and sustainable for biodiversity. Regular monitoring also is conducted to evaluate performance and determine success of the rehabilitation project.

Panian was declared totally mined out in 2016 by the DOE with the rehabilitation plan implemented immediately after.

Backfilling of the 168-hectare southern portion of the pit was accelerated upon the DOE's directive and then completed in 2019. Extensive revegetation is done to cover the backfilled area with trees, primarily with beach agoho due to its adaptive nature, but several tree planting activities in the rehabilitation area introduced native trees like of molave and narra.

# Mga bagong kalsada sa isla binuksan ng SMPC at DOE




**MULA PAHINA 1**

Malaking tulong ito lalo na sa kabuhayan ng 132 pamilya ng Sitio Bigo sapagkat mas madali nang maihahatid ang kanilang mga produktong pangsaka at pangingisda sa palengke dahil sa mas malawak at mas maayos na kalsadang magdudugtong sa *barangay road*.

Magiging mas madali na rin sa mga lokal na turista na dayuhin ang Alegria dahil sa mga naggagandahang *beaches* nito upang mapalago ang turismo rito.

Naisakatuparan ang proyekto sa tulong na rin ng mga lokal na pamahalaan ng Alegria at munisipalidad ng Caluya sa pangunguna ni Alkalde Rigil Kent Lim na nag-sumite ng *joint resolution* upang maisaayos ang pagproseso ng mga kinakailangang *permit*.

"Ang pagbubukas ng cadastral road mula Semirara patungong Alegria ay naisakatuparan dahil sa kooperasyon ng mga mamamayan at ng pagsisikap ng SMPC at DOE, at sa pakikipagtulungan ng LGU-Caluya. Sa simula ng aking panunungkulan bilang Punong-Barangay noong 2013, ito na ang aking pinaka-pangarap para sa mga taga-Alegria. Kung kaya't napakalaki ng aking pasasalamat sa aming mga *stakeholders* at sa lahat ng mga nag-ambag ng kanilang taus-pusong suporta sa proyektong ito na nagbigay katuparan sa aming pangarap," ani Modesta Pionelo, Punong Barangay ng Alegria.



Isang maituturing na *milestone* sa isla ng Semirara ang pag-kongkreto ng mga kalsada papuntang Tinogboc at pagbubukas ng cadastral road na tiyak na mapapakinabangan ng mga Semiraranhon.

Samantala, natapos ang pag-kongkreto ng dalawang kilometrong kalsada na nagdudugtong sa mga barangay ng Tinogboc at Semirara, at inaasahang makukumpleto ang kabuuang apat na kilometro sa 2022.


Isa ito sa mga pangunahing kalsada sa isla na pinakikinabangan ng mahigit 3,000 residente ng Barangay Tinogboc na ang iba'y empleyado ng SMPC at ang iba nama'y nagbabagsak ng produkto sa Semirara Public Market na sentro ng kalakalan sa isla.

"Ang pangarap ng bawat mamamayan ng Barangay Tinogboc na maging sementado ang *barangay road* ay naisakatuparan na sa tulong ng DOE, SMPC at LGU. Ito na ang tuluy-tuloy na landas ng masagana at maalwang pamumuhay ng mga taga-Tinogboc. Salamat at *more power* sa bawat isa sa atin," ani Romeo Malixi, Punong Barangay ng Tinogboc.














# Semirara, Pasko Na! Liwanag at saya, hatid ay tunay na pag-asa

**Ni Catherine G. Lim**
*Punong Barangay, Semirara*

Ang panahon ng Pasko ang pinaka-ipinagdiriwang ng mga Pilipino, ngunit ngayong taon, apektado ang iba't ibang mga kasiyahan dahil sa banta ng COVID-19. Gayunpaman, ang lokal na pamahalaan ng Semirara ay naghatid ng mga programang kahit sa kabila ng pandemya ay madadama ng mga Semiraranhon ang diwa ng Pasko.

"Semirara, Pasko Na! Liwanag at Saya, Hatid ay Tunay na Pag-asa" ang naging tema ng mga aktibidades ng BLGU-Semirara. Pinangunahan ito ng *Christmas Tree Lighting Ceremony* noong Disyembre 3, 2020, sa barangay hall. Sunud-sunod na ang masasayang aktibidades na ipinakita sa madla ng live sa pamamagitan ng Facebook.

Kasama sa mga aktibidades ay ang pagbibigay pugay sa ating mga h*ealthcare workers* at *frontliners* ng isla ng Semirara sa Heroes' Night, ang pagbubuklod at pagpapalakas ng LGBTQIA Community, at pagkakaroon ng patimpalak sa paggawa ng Belen at Christmas Tree gamit ang *indigenous* at *recycled* na materyales.

"*May this program and activities remind you that despite the threat of COVID-19, there is still Christmas, a season of joy, a season of love but most of all, the season of the birth of Jesus Christ,*" ani Punong Barangay Catherine Lim.

"Dito sa ating isla ng Semirara ay may mga pamilyang hindi mabubuo sa araw na iyon. Kaya nandito kami para magbigay ng saya sa kanila. Hindi na natin kailangan lumabas sa ating mga tahanan dahil ang ating mga programa at aktibidades ay naipalabas natin nang live sa ating official FB account. Muli, binabati ko kayong lahat ng Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!"




Itinanghal na kampyon ng Paaraman 2020 si Enricko Jose Allen mula sa DWSSII at tumanggap ng laptop na nagkakahalaga ng P14,000.



# Pasiklaban ng talino sa 'Paaraman'

**Ni Rachelle Ann N. Lauricio**

Nagpatagisan ng talino ang ilang mga mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan sa isla ng Semirara sa taunang Karbon Competition noong Oktubre hanggang Nobyembre.

Pinamagatang "Paaraman," tinalakay sa patimpalak ang mga paksang may kinalaman sa operasyon ng pagmimina at pagpapanatili ng kapaligiran ng SMPC bilang bahagi ng Information, Education, and Communication (IEC) campaign sa mga kabataang Semiraranhon.

Nilahukan ito ng mga mag-aaral na may baitang 7-11 mula sa Divine Word School of Semirara Island Inc. (DWSSII), Semirara Adventist Academy (SAA), Tinogboc National High School at Semirara National High School. Ginanap ang elimination round noong Oktubre 12-16 sa Semirara Library Hub at ang championship noong Nobyembre 23 sa SMPC HROD Training Room.

Itinanghal na kampyon si Enricko Jose Allen mula sa DWSSII at tumanggap ng *laptop* na nagkakahalaga ng P14,000, na sinundan ni John Obiña ng DWSSII na binigyan ng Samsung Galaxy *tablet* na nagkakahalaga ng P8,000 upang makatulong sa kani-kanilang *online learning*. Ikatlong pwesto naman si Earl Lemuel Mendoza ng SAA na nagkamit ng P3,000 at ang ibang kalahok ay tumanggap ng P1,000 at *souvenir bags.*

*"Thank you SMPC and DWSSII for giving me an opportunity to join this competition. I have learned a lot and gained new friends. It was a great experience indeed. May God bless us all,"* ani Allen.

"Ang Karbon Competition ay naglalayon na hasain ang ating mga estudyante patungkol sa kahalagahan ng karbon sa ating lipunan at mga *environmental mitigating measures* ng SMPC sa pamamagitan ng isang *friendly competition*. Masaya kami dahil nag-*enjoy* ang mga estudyante at marami silang natutunan," ani IEC Officer Rachelle Lauricio.






Ang mga STCI graduates ay dumadaan sa masusing pagsasanay sa ilalim ng mga foreman at supervisor ng SMPC upang mas lalo sila mahasa ang kanilang kasanayan sa pagkukumpuni.



# 14 nagsipagtapos sa STCI sumailalim sa *mechanic program* ng SMPC

**Ni Francis Louie M. Carandang**

Labing-apat na mag-aaral ng Semirara Training Center, Inc. (STCI) ang nagsipagtapos ng *vocational course* sa *automotive maintenance* bilang bahagi ng *mechanic program* ng SMPC.

Sa nasabing programa, sasailalim ang mga kalahok sa 2-taong pagsasanay na kinapapalooban ng 6 na buwang pag-aaral ng *vocational course*; 6 na buwang *on-the-job training*; at 1 taong *apprenticeship* sa SMPC.

Matapos ang masusing pagsusuri sa kanilang pagganap ay saka lamang sila tatanggapin bilang ganap na empleyado ng Mobile Department ng SMPC.

Katuwang ng STCI ang *foremen* ng Mobile Department na nagsilbing *trainer* ng mga kalahok at ang *technical training team* ng Human Resources Department.

"Sa programang ito, natutulunguan natin ang ating mga kabataan at ang *out-of-school youth* o kaya naman mga graduate ng *senior high* na magkaroon ng magandang oportunidad sa SMPC. Gusto nating maging *competitive* sila at magkaroon ng *additional na skills*," ani Francis Louie Carandang, learning and development officer.

Sa kasagsagan ng programa, parehong tatanggap ng *allowances* ang mga kalahok sa kanilang OJT at *apprenticeship*. Makatatanggap naman ng P8,000 ang mga kalahok na may kumpletong *attendance*.

"Maraming Salamat sa SMPC dahil sa ganitong paraan, nagkaroon ako ng magandang trabaho. Natulungan ka na maging *skilled*, nagkaroon ka pa ng trabaho. Maraming salamat sa mga *trainers* namin dahil matiyaga nila kaming tinuturuan araw- araw. Ngayon may trabaho na ako at makakatulong na ako sa pamilya ko," ani Noriel Garfil na naatasan sa Heavy Trucks unit.








Among the LGU programs funded through the DOE ER 1-94 of SCPC and SLPGC included the distribution of food and essential packs to affected families, procurement of ambulance units and mobile markets, and installation of testing booths. *Photos courtesy of the Provincial Government of Batangas and Municipal Government of Calaca*







# ER-1 94 disbursement reaches PhP 4.16 billion to fight COVID-19

**By DOE**

**SCPC and SLPGC, subsidiaries of SMPC, remitted PhP 225.5 million in ER 1-94 funds to support the pandemic response of its host communities in Batangas.**

TAGUIG CITY - Since the outbreak of the COVID-19 pandemic early this year, the Department of Energy (DOE) was able to remit a total of PhP 4.16 billion from the Energy Regulations No. 1-94 (ER 1-94) Funds to the concerned host local government units (LGUs) nationwide to support the fight against the spread of the virus and manage the effects of the health crisis.

"At the onset of the COVID-19 crisis in the country, we have issued Department Circular (DC) No. DC2020-04-0008, to help host LGUs by making available ER 1-94 Funds to be used in their fight against the pandemic, in accordance with Republic Act 11469, or the 'Bayanihan to Heal as One Act,'" Energy Secretary Alfonso G. Cusi said.

"The DOE has successfully implemented and monitored the direct remittance of the financial benefits to host communities/region to ensure that ER 1-94 Funds are utilized immediately for their development needs and for the delivery of essential health services to mitigate the socio-economic impact of the crisis," he added.

Sem-Calaca Power Corporation (SCPC) and Southwest Luzon Power Generation Corporation (SLPGC), subsidiaries of SMPC, remitted PhP 225.5 million in ER 1-94 funds to support the pandemic response of its host communities in Batangas province.

SMPC President and COO Maria Cristian C. Gotianun said the Company supports the DOE in its COVID-19 initiatives to further support communities in their pandemic response.

"In these trying times, all the more we have to support each other so no one will be left behind," Gotianun said.

The ER 1-94 program is a policy under the Electric Power Industry Reform Act of 2001 (EPIRA), which stipulates that host communities will get a share of one centavo for every kilowatt-hour (P0.01/kWh) of the total electricity sales of power generation companies operating in its area.

Notably, at the onset of pandemic and containment measures, the DOE DC2020-04-0008 for COVID-19 Response Policy through funding arrangements, were responsive in complementing the needed fund source in the delivery of immediate needs of the host communities.

While the country was placed on various stages of lockdowns, the ER 1-94 Funds were immediately utilized for a) feeding programs, including the provision of relief goods; b) acquisition of Personal Protective Equipment (PPE) for frontline medical workers, medical and other decontamination/disinfecting supplies and equipment including alcohol disinfectants, sanitizers, common medicines, thermo-scanners and contactless thermometers, respirators and/or ventilators, UV Lights; and c) for constructing or leasing of medical facilities, tents, safe holding areas, including quarantine centers. *(with reports from Conveyor Team)*



SMPC Infirmary management and staff (retrato kinuha bago ang community quarantine noong Marso 2020)

Ang pakikipaglaban sa COVID-19 ay isang mabigat na responsibilidad na buong tapang na hinarap ng mga kawani ng SMPC Infirmary at ng iba pang healthcare workers at frontliners. Dahil sa mabuting komunikasyon at ugnayan ng SMPC sa mga lokal na pamahalaan sa isla at sa munisipalidad ng Caluya, naging matagumpay ang pagkokontrol sa paglaganap ng pandemya sa komunidad.





Ang Senior High School Building ng DWSSII ang naitalagang isolation facility ng mga nag-positibo sa COVID-19.



**MULA PAHINA 12**

Sa kasalukuyan, ang SMPC Infirmary ay patuloy na tumutugon sa pangangailangang medikal sa isla ng Semirara.

Ilan lamang dito ang *newborn screening* kung saan ang mga bagong silang ay susuriin sa *congenital disorders*. Mahalaga ito upang maagang matugunan ang pangangailangan ng mga sanggol kung sakaling sila ay mag-positibo sa *congenital disorder.*

Dagdag pa nito ay ang pagkakaroon ng ECG, kung saan ating sinusuri ang puso. Malaking tulong ito na hindi na kinakailangan pang pumunta sa kabilang isla upang maka-avail ng mga ganitong serbisyong medikal.

Ang SMPC Infirmary, sa pakikipagtulungan ng ating mga LGU, ay patuloy na magdaragdag ng mga serbisyong medikal para sa mga residente ng isla ng Semirara. Kabilang sa mga ito ay pagkuha ng PhilHealth *accreditation*; mga karagdagang kwarto at *equipment* pang-medikal, pag-*repair* at pag-ayos ng istruktura ng infirmary at pagkakaroon ng mga espesyalistang doktor. Hangarin at layunin natin na mas madami pang maserbisyuhan sa mga darating na panahon.



# Pagtataguyod sa kalusugan sa isla ng Semirara sa panahon ng pandemya

Ni Shelley S. Talastas

Upang tayo ay mabuhay nang matiwasay at kapaki-pakinabang, kailangan natin ang mabuting kalusugan. Sa gitna ng pandemyang dulot ng COVID-19 ay napagtanto natin na kailanman hindi maipagpapalit ang mainam na kalusugan sa anumang kayamanan.

Disyembre 2019 nang unang napabalita ang isang sakit na mabilis kumalat sa China hanggang sa ito ay matukoy at pinangalanang 2019-nCoV na kalauna'y COVID-19. Noong mga panahong ito, ako ay nag-alala na sana hindi makapasok sa Pilipinas ang *virus* at hindi umabot dito sa isla.

Bukod dito ay may malaking hamon pa sa paglipat at pagbiyahe ng pasyente. Ngunit hindi ito naging balakid upang hindi makapaghanda at makapagbigay ng serbisyong medikal ang SMPC Infirmary sa isla. Mas malaki ang pangangailangan kung kaya naman mas dapat paghandaan.

Atin itong sinumulan sa pagbibigay ng *Information, Education, and Communication campaign* sa mga barangay. Nakipagtulungan din ang Infirmary sa Civil Works, Materials Control at Procurement departments

**Marami din tayong natutuhan sa gitna ng pandemyang ito. Nanaig ang pagtutulungan ng bawat isa at hindi inalintana ang pagod at posibilidad na mahawa sa virus. Dahil sa pagmamalasakit, nag-bayanihan ang lahat upang masugpo ang COVID-19.**

ng SMPC at sa mga lokal na pamahalaan upang maagap na simulan ang paghahanda at pagtugon sa pandemya. Ilan sa mga ito ay:

1. Pagsanay ng mga *nurses* at *medical technologists* sa pagkolekta at pag-*test* ng COVID-19;
2. Maagang pagbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa mga komunidad ng isla;
3. Paggawa at pagdagdag ng *isolation facility* sa ospital, kung saan tatanggapin ang mga pasyenteng nagpositibo sa COVID-19;
4. Pagdagdag ng mga *quarantine facility* kung saan ilalagay at i-quarantine ang mga *close contacts*, PUM at PUI;
5. Pagbili ng mga *test kits*, PPE at mga gamot na alinsunod sa mga patnubay ng DOH at IATF; at
6. Pag-*monitor* ng mga PUM/PUI at paghahatid ng libreng pagkain, prutas at bitamina sa mga nag-positibo at naka-*quarantine.*

Kailangan din tugunan ang *mental health* ng mga nag-positibo at ang mga naka-*quarantine*. Kaya naman kaming lahat ay tuluy-tuloy ang komunikasyon sa kanila upang kahit papaano ay matulungan silang maka-cope up at masagot ang mga katanungan nila patungkol sa COVID-19.

Marami din tayong natutuhan sa gitna ng pandemyang ito. Nanaig ang pagtutulungan ng bawat isa at hindi inalintana ang pagod at posibilidad na mahawa sa *virus*. Dahil sa pagmamalasakit, nag-bayanihan ang lahat upang masugpo ang COVID-19.

>>PAHINA 11